

ang Lola kong Agwang



Kwento ni
MAE F. DELA CRUZ

Guhit ni
JIZUN N. CABILOGAN



ang
Lola
kong
Agwang

Learning Competency

Science 4 -Explain the menstrual cycle (S5LT-IIc-3).



Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Dela Cruz, Mae F. *Ang Lola Kong Aswang*. DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Mae F. Dela Cruz

Illustrator: Jizun N. Cabilogan

Learning Resource Manager: Edgar L. Manaran

Analiza C. Almazan


Davao del Norte
Region XI



“Takbo! Nandiyan na ang matanda na nanghahabol ng mga bata!” sigaw ng mga kalaro ko habang tumatakbo papalayo. Ang tinutukoy nila ay ang limampu’t dalawang taong gulang kong lola. Palagi siyang nagagalit kapag maingay kaming naglalaro.



Kahapon lang ay hinabol niya ng walis ang aking mga kalaro. Galit na galit siya nang makita niyang namimintas kami ng mangga. Buti na lang at dumating si nanay at mabilis niyang inawat si lola.



Noong isang araw ay nanlisik ang kaniyang mga mata sa galit. Naapakan kasi namin ang kaniyang pananim na gulay habang, naghahabulan. “Bakit naging *monster* ang iyong lola?” tanong ng aking mga kalaro.



Nakalakihan kong mabait si lola. Naaaliw siya kapag nakikita niya kaming naglalaro. Malumanay siya kung magsalita, kalmado palagi ang kaniyang mukha, at palaging may ngiti sa kanyang labi. Kaagapay siya ni nanay sa pag-aalaga sa akin. “Napakaswerte mo at may lola kang mabait,” sabi minsan ng aking kaklase.



Napansin kong nag-iba ang ugali ni lola. Naging mainitin ang kaniyang ulo nang dumating siya galing sa kaniyang kinalakihang lugar. Ang lugar ng mga aswang, ayon sa telebisyon. “Hindi kaya nahawa si lola sa mga aswang?” ang tanong ko sa sarili.




Minsan ay nakikita ko siyang nakangiti ngunit bigla na lang nag-iiba ang kaniyang mukha at ugali. Bigla-bigla ring napapalitan ng katamlayan ang kaniyang kasiglahan. ...




Nararamdaman kong nilalabanan ni lola ang kasamaan. Nakikita kong nananaig ang kabutihan. Pabago-bago ang kaniyang ugali. Minsan ay pinaghahanda niya kami ng minatamis na saging. Ngunit, bigla na lang siyang nagagalit sa kadahilanang siya lamang ang nakaaalam.



Nitong mga nagdaang araw ay napansin kong palaging nasa ilalim ng malaking Balete si lola. “Nakawawala sa init ng katawan ang lilim ng punong Balete,” sagot ni lola nang tanungin siya ni nanay. “Bakit kaya mainit ang katawan ni lola?” tanong ko sa sarili.



Naririnig ko palagi ang reklamo ni lola na parang nagbabaga ang kaniyang katawan habang, nakaupo sa harap ng bentilador at namamaypay pa. “Hindi naman mainit ang panahon. Bakit kaya naiinitan si lola?”, tanong ko na naman sa sarili.



Bigla kong naalala ang sabi ng pari sa simbahan, “Huwag kayong gumawa ng masama kung ayaw niyong masunog ang inyong kaluluwa.” “Hindi kaya nasusunog na ang kaluluwa ni lola? Ang pagiging aswang ay kampon ng masasama,” sabi ko sa aking sarili.




Isang hatinggabi, lumabas ako ng kuwarto para umihi. Nagulat ako nang makita ko si lola. Nakaharap siya sa may bintana. Nakatingin sa napakalaking buwan. “Inay ko po! Parang totoo talaga ang hinala ko,” bulong ko sa aking sarili.



Madalas ko siyang nakikitang gising tuwing hatinggabi. Minsan nga, nakita ko siyang nakaupo sa harapan ng bintana. Narinig kong may binubulong siya. Laking gulat ko nang makitang nasa kandungan niya ang itim na pusa.



“Inay, kailangan mong labanan ang iyong nararamdaman. Ikaw lang ang makatutulong sa iyong sarili,” narinig kong sabi ni nanay. “Ano ang dapat labanan ni lola? Ang pagiging aswang kaya?” napatanong na naman ako sa aking sarili.



Minsan, habang nanonood kami ng teleserye na paborito ni lola, nakita kong nanginginig siya at pawis na pawis. Tumakbo ako sa kuwarto sa takot. Naisip ko na baka nilalabanan ni lola ang kanyang sarili na hindi ako kainin kaya, tumatagaktak ang pawis niya at nanginginig siya sa malamig na gabi.




Ang pagpapawis ni lola sa gabi ay nasundan pa, habang nagdarasal ang buong pamilya napansin kong tumatagaktak ang kanyang pawis. Kahit nakaharap pa rin ang bentilador ay walang tigil ang kanyang pagpapawis.




Naalala ko ang kuwento ng aking mga kaklase, ang mga aswang daw ay takot sa dasal. Baka ito ang dahilan kung bakit pinagpapawisan at nanginginig si lola habang nagdarasal kami.



Kinaumagahan, paggising ni lola ay hinang-hina siya. Nanlalambot daw ang kaniyang katawan. Pulang-pula ang kaniyang mga mata. “Ano kaya ang nangyari kagabi at naubos ang lakas ni lola?” tanong ko sa aking sarili.



“Hindi na muna ako kakain. Pakiramdam ko ay puno pa ang aking tiyan. Parang hindi ako natunawan sa kinain ko kagabi,” sagot ni lola nang yayain siya ni nanay ng agahan.



Napaisip tuloy ako. “Kumain kaya ng bata si lola kagabi? Bakit puno pa ang kaniyang tiyan gayong, gulay naman ang aming ulam. Naalala ko ang sabi ng aming guro na mabilis naming matunaw sa tiyan ang gulay.”




Isang gabi, nagising ako nang papalapit si lola sa aking higaan.
“Huwag po! Huwag po lola! Maawa ka sa akin. Ako ito ang paborito
mong apo,” pagmamakaawa ko sa kanya.




Patuloy pa rin ang paglapit ni lola. “Nay! nay! nanaaaaaayyyyyyy!” sigaw ko. “Ano ang nangyayari sa iyo apo? Kukumutan lang naman kita. Bakit takot na takot ka?” tanong ni lola.



Patakbong dumating si nanay. Niyakap ko siya nang mahigpit. Sinabi ko sa kanya ang lahat ng napansin ko kay lola nitong nagdaang araw. Pati ang hinala kong nahawa sa mga aswang sa kanilang lugar si lola.



Laking gulat ko nang nagtawanan sina lola at nanay sa aking mga sinabi. “Diyos ko namang bata ka at ginawa mo pa akong aswang,” tumatawang sambit ni lola.



Ipinaliwanag ni nanay na ang lahat ng napansin ko kay lola ay sintomas ng mga babaeng nagme-*menopause*. Ang *menopause* ay ang pagtigil ng regla ng mga babae. Karaniwan daw itong nararanasan ng mga babaeng nasa edad na limampu pataas.



“Anak, ang *hot flashes* o pag-iinit ng katawan, *mood swing* o pagbabago ng ugali, hindi makatulog at pagpapawis sa gabi, panginig, at ang paghina ng metabolismo ni lola ay iilan lamang sa mga sintomas ng *menopausal* na nararanasan niya,” paliwanag ni nanay.



“Hindi madali ang pinagdadaanan ng iyong lola anak. Malaking pagbabago ito sa kaniyang katawan. Kailangan niya ng suporta natin,” pagpatuloy ni nanay.



Yumakap ako ng mahigpit kay lola. Buti na lang at mali ako sa aking akala na aswang si lola. Humingi ako ng tawad sa kanya dahil sa aking maling hinala. Sa susunod ay magsasabi na ako sa lahat ng aking nakikita.



Araw-araw ko nang sinasamahan si lola sa kaniyang paglalakad sa baybayin. Gulay at prutas din ang palagi naming kinakain. Ang pagiging aswang niya ay hindi ko na alalahanin. Siya ay palagi ko nang mamahalin.





ANG MAY AKDA



Si Gng. **Mae Foronda-Dela Cruz** ay nagtapos ng Batsilyer sa Agham sa larangan ng Haynayan sa Davao Doctor's College. Siya ay kumuha ng yunit sa kursong edukasyon sa Unibersidad ng Mindanao at naipasa ang *Licensure Exam* ng Guro sa parehong taon. Siya ay kasalukuyang nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Luna, Kanlurang Distrito ng Kapalong, Munisipyo ng Kapalong, Lungsod ng Dabaw. Siyam na taon na siya sa larangan ng pagtuturo.

ANG TAGAGUHIT



Si G. Jizun N. Cabilogan ay isang guro at illustrator mula sa Davao del Norte. Siya ay nakapagtapos ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Larangan ng Biyolohikal na Agham at kasalukuyang nagtuturo sa Lumabag Integrated School, Talaingod Davao del Norte.

Ang Lola kong Aswang

Ang lolang mapagmahal ay biglang nagpakita ng mga katangian ng isang aswang.

Alamin natin sa kuwentong ito kung ano-ano ang mga katangiang ito. Alamin din natin ang dahilan ng biglang pagbabago ng ugali at katawan ni Lola.

